



Ang Mga Mormon Ay May Ibang Jesus

Inaari ng Iglesyang Mormon (The Church of Jesus Christ of Latter Day Saints) na sila ay sumasamba kay Jesu-Cristo. Inaari nilang sila ay Cristiyanong Iglesya, subali't ang Jesus nila ay hindi tulad ng sa Cristianismo. Ang mga Mormon ay sumasamba sa maling Cristo (2 Cor. 11:4).

Sinasabi ng Biblia na si Cristo ay ipinagbunga ng Banal na Espiritu at ipinanganak ng birhen (Mat. 1:18-25, Lucas 1:26-35). Ito'y ikinakaila ng mga Mormon. Ang ikalawang presidente ng mga Mormon ay nagsabi, "Si Jesu-Cristo ay hindi ipinagbunga ng Banal na Espiritu" (Journal of Discourses, Vol. 9, pg. 51). Sa katunayan, ang Jesus ng Mormon ay bunga ng relasyong seksuwal sa pagitan ni Maria at Diyos Ama (na may katawan). Ayon sa panulat ng unang namumuno sa Mormon, "Ito'y sa persona ng Atna ipinanganak si Jesus sa laman" (The Seer, pg. 158). Ang kasalukuyang apostol ng mga Mormon na si Bruce McConkie ay nagsabi tungkol kay Cristo na "Siya ay ipinaglihi at ipinanganak sa normal at natural na paraan, dahi¹ Siya ay Anak ng Diyos, at iyon ang ibig sabihin ng katagang iyon" (Mormon Doctrine, pg. 742).

Ang Jesus ng Biblia ay Diyos. At noon pa man Siya ay Diyos (Juan 1:1, Fil. 2:6, Heb. 1:8). Hindi ito totoo sa Jesus ng Mormon. Ayon sa iglesya ng Mormon, si Jesus ay naging Isang diyos. Sabi ni Joseph Smith, "Lagi kong ipinapahayag na ang Diyos ay kakaibang persona, si Jesu-Cristo ay ibang persona sa Diyos Ama, at ang Banal na Espiritu ay ibang persona at Espiritu; at ang tatlong ito ay nagpapahayag ng...tatlong Diyos" (History of the Church, Vol. 6, pg. 474). Noong Oktubre 1984, isang apostol ng Mormon ay nagsabi, "Sinumang naniniwala at nagtuturo sa Diyos Ama, at tinatanggap ang pagka-Diyos ni Cristo, at ng Banal na Espiritu, ay nagtuturo na maraming Diyos" (Ensign, Nov. 84, pg. 68). Sabi ng Apostol ng Mormong si Bruce McConkie, "Ang Panginoong Jesus ay gumawa para sa Kanyang sariling kaligtasan" (Our relationship with the Lord, pg. 9).

Sa Biblia si Jesus ay sinamba (Mateo 8:2, Marcos 5:6, Lucas 24:52, Juan 9:38, Heb. 1:6). Naniniwala ang mga Mormon na si Jesus ay hindi dapat sambahin. Pahayag ni Bruce McConkie, "Hindi tayo sumasamba sa Anak" (Our relationship with the Lord, pg. 5). Sa isang Mormon, si Jesus ay isa lang "mahalagang bahagi ng Pagka-Diyos" (Ensign, Jan. 84, pg. 17).

Ang Jesus sa Biblia ay mapagpatawad. Sinabi Niya, "Sapagka't ang Anak ng tao ay hindi dumating upang wasakin ang mga buhay ng mga tao, kundi upang iligtas sila" (Lucas 9:56). Ipinakita Niya ito sa Kanyang buhay hanggang sa pagkapako at pagkabuhay na mag-uli. Siya'y nilait, dinuraan, pinalo at hinagupit. Nilagyan Siya ng koronang tinik. Ganon pa man, hindi Niya ipinagtanggol ang Kanyang sarili, bagama't kaya Niyang tumawag ng libu-libong anghel (Mat. 26:53). Sa krus ang Kanyang panalangin ay "Ama, patawarin sila; sapagka't hindi nila nalalaman kung ano ang kanilang ginagawa." Nang mamatay si Cristo sa krus, lumindol ng napakalakas na pumunit pahati sa tabing na wala namang ibang nasira (Mat. 27:50,51). Nang Siya'y nabuhay na mag-uli, lumindol muli at wala na namang nasira, sa halip "At ang libingan ay nabuksan; at maraming mga katawan ng santo na natutulog ang bumangon." (Mat. 27:52).

Hindi ito ang Jesus ng Mormon. Ang Aklat ng Mormon ay naglalaman ng mga pangyayaring sinasabi nito'y naganap sa

isang lugar sa hilaga kung saan si Cristo ay namatay. Nasasaad dito, 16 na siyudad ang nawasak kasama ang mga naninirahan dito, ang iba'y nasunog, ang iba'y lumubog sa dagat, ang iba'y natabunan ng bato at lupa. Sinasabi ng Aklat ng Mormon na ang mga "bumato, pumatay at nagtapon sa mga propeta ay itinira, habang ang mga inosenteng bata at mga babae ay nangamatay (3 Nephi 8:25). Nang mawasak na lahat, may tinig na narinig at kumuha ng karangalan sa mga buhay na nasawi at bayan na nawasak. Ayon sa Aklat ng Mormon, ang may kagagawan nito ay si "Jesu-Cristo ang Anak ng Diyos" (3 Nephi 9:15). Sa halip na Tagapagligtas, ang Jesus ng Mormon ay pumapatay. Ang Cristo sa Biblia ay dumating "upang sila ay magkaroon ng buhay" (Juan 10:10). Ang Jesus ng Mormon ay may pananagutan sa kamatayan ng libu-libong tao.

Inamin ng namumuno sa kanila na sila'y naniniwala sa ibang Jesus. Isang opisyal ng Mormon ang nagpahayag na "Totoong maraming Iglesyang Cristiano ay sumasamba sa ibang Jesus na sinasamba ng mga Mormon" (Ensign, May 77, pg. 26).

Walang kaligtasan sa pagsamba sa maling Cristo. Nagbabala mismo si Jesus sa mga disipulo tungkol sa maling Cristo (Mat. 24:24). Ang hindi tunay na Jesus ay walang kapangyarihang magligtas. Sa lubos na pagtiwala lamang sa Jesus ng Biblia ang isang tao ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Si Pablo rin ay nagbabala sa "ibang Jesus" (2 Cor. 11:4). Ang Jesus ng Mormon ay ibang Jesus.

Hindi ka magkakaroon ng buhay na walang hanggan sa Jesus ng Mormon. Ipinapakita sa Biblia ang tunay na Jesus at tunay na paraan ng kaligtasan. Ang Jesus lamang ng Biblia ang makapagbibigay ng buhay na walang hanggan "sapagka't walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa gitna ng mga tao, na siyang ating dapat ikaligtas" (Gawa 4:12).

Paano ang isang tao ay maliligtas? Ayon sa Biblia, "Sumampalataya sa Panginoong Jesus, at ikaw ay maliligtas.." (Gawa 16:31). Ang sumampalataya dito ay hindi basta amining si Jesus ay Tagapagligtas, o sabihing siya'y naniniwala kay Jesus. Ang salitang sumampalataya sa Biblia ay pag-lalagay ng buo at ganap na pagtiwala kay Cristo lamang para sa iyong kaligtasan.

Walang kaligtasan sa pagiging miyembro ng relihiyon o iglesia, kahit ang bautismo. Hindi ka maliligtas sa mabuting gawa at pamumuhay. Ang biyaya lamang ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo, ang makapagbibigay ng buhay na walang hanggan. Sinabi ni Jesus "Ito ang gawa ng Diyos, na kayo ay sumampalataya sa kaniya na kaniyang isinugo." (Juan 6:29).

Huwag ilagak ang inyong pananampalataya sa iglesia, sa bautismo, sa propeta at lalo na sa maling Cristo. Sumampalataya ka sa Jesus ng Biblia lamang. Pangako Niya "upang ang sinumang sumampalataya sa Kaniya ay hindi dapat mapahamak kundi magkaroon ng walang-hanggang buhay" (Juan 3:16).

Kung aaminin mong ikaw ay makasalanan, na hindi, mo kayang bayaran ang iyong kasalanan, aaminin mong sapat ang kabayaran ni Jesus sa krus, at sasampalataya ka sa kaniyang ginawa at tatanggapin mo Siya bilang sariling Tagapagligtas, sa pangako ng Biblia ikaw ay may kaligtasan at ito ang buhay na walang hanggan.

Kung tinanggap mo si Jesu-Cristo bilang sariling tagapagligtas matapos basahin ang pulyeton ito, sana'y aming malaman sa pamamagitan ng pagpapadalang muli ng babasahing ito.

Pangalan _____

Tirahan _____

Siyudad _____ Zip _____

Probinsiya _____ Edad _____



FELLOWSHIP TRACT LEAGUE

P.O. BOX 164 • LEBANON, OH 45036

www.fellowshiptractleague.org © Tract 6033 (Tagalog)

All tracts free as the Lord provides. Not to be sold.